

# ARANETA

KIM KIMBERLY DERLA

Umuulan kanina  
Dito sa may Araneta  
May hawak akong payong  
habang nakatitig sa 'yong  
pasulong—papunta sa 'king silong.  
Nakangiti ka nang makita ako.  
Bihira ito, mahal ko.  
Dahil sa tuwing magkikita tayo,  
nakakunot ang iyong noo,  
dahil nahuhuli ako.  
Ngayon ay iba, dito sa Araneta,  
sa gitna ng maraming tindera,  
nagtatakbuhan bata,  
umiibig na dalaga,  
nandito ka, nakatawa.  
Malabo—kasing labo ng salamin  
na malapit sa atin.  
Ngumiti ka at nagsalita,  
kinabahan ako bigla.  
Ang tatlong salitang sinabi mo,  
ang siyang nag-alis ng kasiyahan ko.